
# Ang Plano ng Pilipinas sa Pag-unlad na Tumutugon sa Pangangailangang Pangkasarian

## (1995-2025)



# Philippine Plan for Gender-Responsive Development, 1995-2025 (PPGD)




# ANG PLANO NG PILIPINAS SA PAG-UNLAD NA TUMUTUGON SA PANGANGAILANGANG PANGKASARIAN

## Philippine Plan for Gender-Responsive Development (PPGD)

Ang Plano ng Pilipinas sa Pag-unlad na tumutugun sa pangangailangang pangkasarian (PPGD) ang pinakahuli sa serye ng mga inisyatiba ng Gobyerno na naglalayong mabigyan ang kababaihang Pilipino ng higit na aktibong bahagi sa proseso ng pag-unlad. Ang PPGD ay nagsisimula kung saan natigil ang Plano ng Pilipinas sa Pagpapaunlad ng Kababaihan pagkalipas ng pagkakabisa nito noong 1992. Ito ay upang magkaroon ng bagong pagtingin sa mga kababaihan bilang mga kabalikat sa pag-unlad at bilang mga yamang hindi pa natutuklasan bukod sa kanilang pagiging benepisyaryo. Dahil dito, inuudyukan ng PPGD ang Gobyerno na kumilos kaugnay ng mga suliraning pangkasarian ng mga paghahanda ng mga mithiin at estratehiya upang ang pagkakapantay-pantay ng kasarian ay laging maisama sa mga programa at patakarang pangmadla. Tinitiyak din sa pang 30 taong balangkas ng PPGD na mapag-uugat at mapapayabong ang mga patakarang makabubuti sa kababaihan sa kabila ng mga sagabal dulot ng tradisyonal na pakikitungo at kasanayan. Mula ngayon hanggang 2025, may sapat na panahon upang mawala ang mga pagtutol, mabigyan ng bagong pakahulungan ang mga patakaran at magkaroon ng isang kultura na ang isyung pangkasarian ay nagiging pangunahing mga isyu.


## NAIWANG MGA GAWAIN:




Nagkaroon na ng pangulong babae. Isang babae ang nakakuha ng pinakamataas na boto sa halalan sa pagka-senador. Ngayo'y labag na sa batas ang sekswal na panliligalig (sexual harassment) sa mga opisina at mga paaralan. Binuksan na ang Philippine Military Academy sa mga kababaihan. Sa ilang himpilan ng mga

pulis, ang mga opisyales ay sinanay na harapin ang mga kaso ng ginugulping asawa. Ang pagsasama sa kwarto ng nanay at sanggol at ang pagpapasuso sa dibdib ay iniuutos na sa mga pampublikong ospital. Regular na idinaraos sa mga ahensya ng gobyerno ang mga pagsasanay tungkol sa "gender sensitivity". Sa mga pampublikong tanggapan ay may itinatag na Equality Advocates o EQUADS para imonitor ang mga kaso ng diskriminasyong nababatay sa kasarian at magpasimula ng mga programa para isulong ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian sa burukrasya ng pamahalaan. Hindi pa ba sapat na ang mga ito?


Oo, ang mga nabanggit ay pagsulong, ngunit hindi sapat. Napakarami pa ang dapat gawin upang ganap na makalahok



ang kababaihan sa pagpapaunlad ng bansa. Katunayan, makaraan ang mahabang pagtatalo, pinaburan ng mga eksperto sa kasarian at kaunlaran at ng mga tagapagplano ng pamahalaan ang isang hiwalay na planong pagpapaunlad kaysa pagsama ng GAD (Gender and Development) sa Medium Term Philippine Development Plan (MTPDP).

Napatunayan ng mga tagapagplano na sa kababaan ng antas ng kamalayan tungkol sa isyu ng kababaihan at di pantay-pantay na pagtingin sa babae at lalaki sa hanay ng mga burukrat at teknokrat sa gobyerno na mas naangkop ang hiwalay na plano para sa pagtataguyod at pagkilos. Nananatili ang pananaw na darating ang panahon, hindi na kakailanganin ang isang hiwalay na plano. Dapat ding pansinin na karamihan sa mga konsesyon na napagwagihan ng mga kababaihan ay literal na pinaghirapan nila sa loob ng mga taon ng matinding paglalabi (lobbying), mga kampanyang pang-kabatiran, fora at mga talakayan. Sa katunayan, karamihan sa mga pagsulong na nabanggit sa itaas ang tampok sa implementasyon ng PPGD. Wala ni isa man rito ang kusang ipinagkaloob na lamang sa kababaihan. Nangangahulugang kakailanganing lagi ang sadya, mahusay na plano at organisadong estratehiya para matamo ng kababaihan ang nararapat sa kanila. Ito ang PPGD.





### *Subalit hindi pa ba sapat ang Plano ng Pilipinas para sa Pag-unlad ng Kababaihan (PDPW)?*


Sapat na, kaya lang ang panahon nito ay sumaklaw lamang sa mga taong 1989-1992. Bagamat maganda ang layunin, ang planong pang-apat na taon ay kulang upang mapalaganap at lalong kulang upang maisakatuparan ang mga ideya nito sa loob ng takdang panahon. Gayunman, marami mang batayang gawain ang naisagawa, ang pagtigil nito ay mangangahulugan ng pag-urong, pagsayang sa lahat ng mga oras, sa mga natamo at sa pondong nagastos sa loob ng anim na taon. Nakitang alternatibo ay ang pagpapatuloy sa mga pagpupunyagi sa pamamagitan ng kasunod na planong pagpapaunlad.

# ANG PPGD

## *Ano ang PPGD?*

Ang Plano ng Pilipinas sa Pagpapaunlad na Tumutugon sa Pangangailangang Pangkasarian ay ang 30 taong balangkas ng pananaw ng gobyerno ng Pilipinas upang matupad ang ganap na pagkakapantay-pantay at pag-unlad ng kababaihan at kalalakihan alinsunod sa Batas Republika 7192 o ang Batas ukol sa Kababaihan sa Pag-unlad at Pagtatatag ng Bansa. Ito ang humalili sa Plano ng Pilipinas sa Pagpapaunlad ng Kababaihan (PDPW) at naglalayong magsilbing direksyon sa tatahaking landas ng pagpapaunlad pangkasarian.


Ang National Commission on the Role of Filipino Women, ang ahensiya ng pamahalaan na tagapayo sa Pangulo at sa Gabinete, ang nakipag-ugnayan upang maisulat ang PPGD na inaasahang tutugon




sa mga suliraning pangkasarian at pagpapaunlad nito mula 1995 hanggang sa taong 2025. Iniisa-isa rito ang mga layuning may kaugnayan sa kasarian at naghahain ng komprehensibong mga

patakaran, estratehiya at mga programa na kinakailangang ipagtibay at maipatupad ng lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan, mga NGO at ng mga pribadong sektor na tutugon sa natukoy na mga isyu.

***Mabuti ba ang pagkakaroon ng hiwalay na plano para sa pagpapaunlad ng kababaihan? Ano naman ang nagawa ng PDPW?***




Marami, at ang ilan sa mga ito ay nabanggit na. (Tingnan sa unang tanong) Salamat sa PDPW, maraming direktiba ng Pangulo ang naisulong.

- ang Departamento ng Repormang Pansakahan ay naglaan ng ₱650,000 para sa mga gawain at programang mapakikinabangan ng kababaihan sa kanayunan noong 1993. Noong 1994, umabot ang badyet na ito sa ₱2.4M.

- ang Civil Service Commission, Kagawaran ng Paggawa at Kagawaran ng Edukasyon na maglabas ng mga pahayag kaugnay ng sexual harassment sa kani-kanilang pinagtatrabahuhan.

- sa Kagawaran ng Repormang Pansakahan at sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan ay nagpalabas ng mga titulo o sertipiko ng pagmamay-ari sa pangalan ng mag-asawa upang gawing ganap na kapantay at kabalikat ang kababaihan sa pagmamay-ari ng lupa.

Napagtibay din ang ilang mga batas upang malutas ang mga suliraning pangkasarian, kabilang na rito ang:


- **RA 7192** o ang Batas ukol sa Kababaihan sa Pag-unlad at sa Pagtatag ng Bansa. Kabilang sa mga itinatadhana nito: ang karapatan ng Kababaihan anuman ang edad at katayuang sibil na kumilos at makipagkontrata na katulad na kalalakihan sa magkaparehong kalagayan; patas na pagsapi sa mga samahan, at boluntaryong pagsaklaw ng seguruhang panlipunan at utang-pabahay ng mga kabiyak na nangangasiwa ng tahanan.


- **RA 6725,** pagpapalakas sa pagbabawal ng diskriminasyon laban sa kababaihan kaugnay ng kondisyon ng pagpasok sa trabaho.

- **RA 7882**, pagbibigay ng tulong sa kababaihang nasa larangan ng maliliit na negosyo (micro business enterprises).

- **RA 6955**, ipinagbawal ang ginagawang pag-aasawa sa pamamagitan ng koreo (mail-order marriages).

- pagpapakilos ng mga mapagkukunan para sa Kasarian at Kaunlaran. Mula 1995, ang Batas sa Pangkahalatang Paglalaan (General Appropriations Act) ay nag-atas sa mga ahensiya ng pamahalaan na maglaan ng bahagi ng kanilang mga badyet para sa kababaihan at mga gawaing pangkasarian at pangkaunlaran.






# MASAKIT ANG KATOTOHANAN

***Kung ang PPGD ay karugtong lamang ng PDPW, bakit hindi rito maipagpapatuloy ang mga programa at mga simulaing inilatag ng naunang plano? Bakit kailangang bumalangkas ng isang bagong plano?***

Dahil sa nalalabi at lumitaw na mahalagang mga isyung sangkot ang kababaihan. Ilan sa mga ito ay:


- Ang mas mababang bayad sa kababaihan kung ikukumpara sa kalalakihan. Nananatiling 47 sentimo lamang ang nakuha ng kababaihan sa bawat pisong nakukuha ng kalalakihan.

- Ang mas mahabang representasyon ng kababaihan sa mga katungkulang nagsasagawa ng desisyon. Sa mga tanggapan ng pamahalaan, karamihan sa mga babae ay nasa pangalawang-antas na posisyon (70.0%). Sa pribadong sektor, doble ang dami ng lalake kaysa sa babae sa mga puwestong administratibo, tagapagpaganap at pamamahala.



- Patuloy na dumaranas ang kababaihan ng pang-aabusong seksuwal at pagsasamantala bilang overseas contract workers. Mahigit sa 50% ng mga OCW noong 1994 ay kababaihan.

## PAG-UNLAD NA PABOR SA BABAE




Batay sa PPGD, dapat mailarawan ang pagpapaunlad sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Ang kababaihan ay may positibong konsepto sa sarili, malaya sa kinamihasnang pangkasariang paniniwala at pagkilos, at may kakayahang matamo ang lubos na potensyal.

- Ang karapatan ng kababaihan ay igagalang bilang karapatang pantao. Ang mga pangunahing pangangailangan (ang karapatan sa pagkain, tirahan at disenteng pamumuhay) ay kayang bilihin at matamo ng sinuman.

- Pagkakapantay-pantay ng kasarian. Nakikilahok ang mga babae at lalake at

parehong nagtatamasa mula sa mga proseso at bunga ng pag-unlad. Ang kababaihan ay nagtatamasa ng makatarungang representasyon sa mga kapulungang sektoral, sa trabaho, sa larangan ng pag-aaral at pulitika, habang ang mga lalake ay makikibahagi sa pangangasiwa sa tahanan. Ang 40-60 porsiyentong representasyon ng babae man o lalake sa anumang sektor o larangan ay kanais-nais.

- Ang sistema ng batas ay nagkakaloob sa babae at lalake ng ganap na proteksiyon sa batas at gumagarantiya ng pantay na karapatan ng dalawa.


- Ang mga kababaihan ay aktibong kalahok sa patuloy na pag-unlad sa pangangalaga ng kalikasan at sa kabuhayan ng bansa.

## PLANONG MAY PAGSASAALANG-ALANG SA KINABUKASAN

***Sa ating daigdig na mabilis nagbabago, paanong masisiguro ang kaangkupan nito sa darating na mga taon? Paano nito lulutasin ang mga bagong suliraning pangkasarian?***

Ang PPGD ay isang "umiikot na plano" na isinasapanahon tuwing ika-anim na taon. Dagdag pa rito, ang pangmalawakang (macro) konteksto ng Plano ay makatutulong na maging angkop ito sa gitna ng nagbabago nating panahon isinaalang-alang din nito ang posibleng mga senaryo at kalakaran na makakaapekto sa pinapangarap

ng PPGD sa hinaharap. Inihahain sa gayon ang isang masinsinang pagsusuri sa mga bahaging ginagampanan ng kababaihan at kalalakihan sa kabuuang proseso ng pag-unlad.




Sinisiguro rin ng malawak na saklaw ng PPGD na walang anumang usaping pangkasarian ang hindi nabigyan ng pansin. Ang mga Sektor ng Kaunlarang Pantao, halimbawa, ay sumasaklaw sa Edukasyon at Pagpapaunlad ng Yamang tao; Kalusugan ng Kababaihan; Kaunlarang Panlunsod at Pabahay; Kagalingang Panlipunan at Kaunlarang Pampamayanan; Media; Sining at Kultura; Katarungan, Kapayapaan at Kaayusan; at gayundin ang Paggawa at Empleyo. Pinag-uukulan din ng pansin ang plano ng mga sektor ng Kaunlarang Pangkabuhayan at Pang-industriya, Imprastraktura at Tulong Panteknolohiya, mga Sektor ng Natatanging Suliranin at ang Sektor ng Pangangasiwa sa Pag-unlad. Itong huli ay tumatalakay sa pagsasakatuparan ng plano, bumabalangkas ng estratehiya sa pagkilos, mga patakaran at mga hakbangin upang maisagawa ang mga ito.

***Anu-anong programa at mga estratehiya ang iminumungkahi ng PPGD upang maipasok ang kababaihan sa proseso ng pag-unlad?***

Matapos ang malawak na konsultasyon, ang mga Pangkat Sektoral na binubuo ng mga kinatawan mula sa mga NGO at nakahanay na mga kagawaran ng pamahalaan, ang NCRFW at mga teknikal na tauhan mula sa National Economic and Development Authority (NEDA) ay nakabuo ng matibay na mga hakbangin upang maisakatuparan ang PPGD.




Kabilang sa mga programa at esteratehiya nito ay:

- Bigyan ng pagpapahalaga ang mga usaping pangkasarian, mga plano, patakaran, at mga programang pangkaunlaran ng mga sektor.

- Palakasin ang mga kampanyang pangkamalayan tungkol sa mga isyu at usaping pangkasarian lalu na sa mga mambabatas at mga trabahador.

- Patatagin ang Kooperasyon ng GO-NGO upang ganap na maging epektibo ang mga programa at mga serbisyong tumutugon sa mga suliraning pangkasarian at pangkaunlaran (GAD).

- Pagtataguyod ng mga piling programa para sa mga nagnanais lumabas ng bansa na nagbibigay-diin sa disenteng pasahod, proteksyon at pangangalaga ng mga migranteng manggagawang kababaihan.







- Pagtatatag ng mga crisis intervention centers at mga tirahan sa bawat bayan at maitaas ang umiiral na mga crisis centers at tirahan para sa mga biktima ng kaharasan laban sa kababaihan (VAW) at iba pang panlipunan pagtatalo.

- Muling suriin ang mga aklat at mga programa ng rehabilitasyon at tulong na tumutugon sa suliraning pangkasarian sa binibigyan ng tanging pansin ang mga pangangailangan ng mga kababaihan.

- Itaguyod at palakasin ang pakikibahagi ng karaniwang kababaihan sa pagpaplano, implementasyon, pagmomonitor at pagtataya ng mga programa at mga proyektong pangkaunlaran.

- Pagsasangkot sa mga kalalakihan sa mga programang pagpaplano ng pamilya at sa mga suliraning tungkol sa kalusugan, pangangalaga sa mga bata at nutrisyon, at isali sa mga proyektong nangangalaga sa kagalingan ng pamilya.

- Pagtataguyod ng pagiging sensitibo sa pangangailangang pangkasarian sa media at pagpapatalas at maipaalam sa nasa media ang masamang epekto ng inihahatid na mga nakabihasnang mensahe.



- Muling pag-aralan ang mga nakabinbing panukalang batas tungkol sa mga suliraning pangkababaihan, kabilang na rito ang panggagahasa, kaharasan sa pamamahay at prostitusyon.

- Paramihin ang bilang ng kababaihan sa mga katungkulang bumubuo ng patakaran sa katungkulang halal at itinalaga sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga kakayahan.


- Muling pag-aralan ang mga patakaran, estratehiya at mga taktika laban sa insurgency at gayundin sa pagpili at pagsasanay pangmilitar mula sa pangkasariang pananaw.

- Hikayatin ang pagpasok ng kababaihan sa mga di-tradisyunal na larangan at mga propesyon.


- Pagtatag ng kinakailangang mga mekanismo upang makabahagi ang mahihirap na kababaihan sa mga programang pangkaunlaran at makapasok sa di tradisyunal na pagkukunan ng kabuhayan, pautang, produktibong kasanayan at teknolohiyang matipid sa paggamit ng lakas-bisig.

# TAYONG LAHAT AY KABILANG DITO

Tulad ng lahat ng mga planong pangkaunlaran, ang PPGD ay nananatiling dokumento lamang hanggang ang mga probisyon nito ay hindi isinasagawa. Makatutulong kung may batas. Ang paglalaan ng pondo ay malaki ang nagagawa. Subalit ang sama-samang pagkilos bilang bahagi ng proseso ang magsasakatuparan sa mga pangarap. Sa ganitong paraan makakakilos ang mga salita, naisasakatuparan ang mga ideya. Siguradong mapapaikot mo ang mundo.



## NARITO ANG PARAAN:



*Bilang mga Lider at mga Mambabatas,*

Maaari ninyong isama ang pagkakapantay-pantay ng kasarian sa mga mensaheng pampubliko; hayagang itaguyod ang pagsulong ng mga kababaihan; dalhin ang mga isyu at usaping pangkababaihan sa mataas na antas at napakamahalagang mga talakayan.

*Bilang mga tagaplano at tagapagsaka-tuparan ng programa,*


Itanong ang ganitong mga katanungan kapag gumagawa ng burador ng mga patakaran at mga programa: Nasaan ang kababaihan sa ganitong kalagayan/sektor? Paanong mababawasan ang kanilang kasalukuyang pasanin upang makalahok sila nang higit na aktibo sa mga gawaing pangkaunlaran?

*Bilang Kababaihan,*

Alamin ang inyong mga karapatan at igiit ang inyong mga pananaw; sumama sa ibang mga kababaihan upang matulungan ang mga sariling makawala sa mga balakid tulad ng suliraning pampamilya, laban sa inaasahan at tradisyon ng lipunan na pumipigil upang matamo ang ganap na kakayahan. Mag-aral ng mga bagong kasanayan upang makatulong sa pagtamo ng kaunlarang pansarili. Sumali sa mga proyektong magpapalawak sa iyong pananaw sa mundo.

*Bilang Kalalakihan,*

Maari ninyong itaguyod ang pagbabago. Makibahagi sa mga pananagutang pampamilya at gawaing-bahay, kabilang na ang pag-aalaga ng bata. Tratuhin ang kababaihan nang pantay at igalang ang kanilang mga karapatan at dignidad.



Sanayin ang mga kababaihan sa di-tradisyunal na kasanayan at ipagpatuloy ang mga kampanyang pangkabatiran tungkol sa mga karapatan ng kababaihan at ng mga serbisyong nakalaan sa kanila sa kanila mula sa GO at NGO. Makipag-ugnayan nang totohanan sa mga ahensiya ng gobyerno na may kinalaman sa mga patakaran, mga proyekto at mga programa para sa, ukol sa, at ng kababaihan.

## *Bilang Bahagi ng Pribadong Sektor,*

Maging patas na employer. Bigyan ng patas na mga pagkakataon ang kababaihan kaugnay ng pagsasanay, at pagtataas sa higit na mapaghamong katungkulan at takdang mga gawain.

Para sa Karagdagang Impormasyon Ukol
sa Plano ng Pilipinas sa Pag-unlad na
Tumutugon sa Pangangailangan
Pangsarian, Sumulat o Tumawag sa:

**The National Commission
on the Role of Filipino Women
(NCRFW)
1145 J.P. Laurel, Street,
San Miguel, Manila**
Tel. No.: 735-1654/735-4955
Fax: 735-1655

Isinalin sa Filipino ng
Komisyon sa Wikang Filipino
at ng
Katipunan ng mga Bagong Pilipina
(KaBaPa)